

Mga Napalaking Sunog sa Los Angeles

1 Yugto: Pag-alis ng Mapanganib na Materyal

Ang U.S. Environmental Protection Agency (EPA) ay itinakda ng Federal Emergency Management Agency (FEMA) para siyasatin, alisin, at itapon ang mapanganib na mga materyal mula sa mga ari-arian na nasunog ng napakalaking sunog sa Kondado ng Los Angeles.



- Trabaho ng EPA ang pag-alis ng mapanganib na mga materyal sa **1 Yugto** sa pagtugon sa layuning paglilinis ng pederal.
- 2 Yugto ay ang pag-alis ng naiwang basura at pinag-uugnay ng FEMA

1 Yugto ay nagsimula na at isinagawa ng walang gastos mula sa mga residente.

Aalisin ng EPA ang posibleng mapanganib na pang-araw-araw na mga produkto gaya ng:

- ✓ Pintura
- ✓ Mga Panlinis at mga pantunaw
- ✓ Mga langis
- ✓ Mga baterya
- ✓ Mga pamatay-pesto

Aalisin ng EPA ang mga bateryang lithium-ion mula sa mga sasakyan, mga bahay, at ibang mga produkto.

Aalisin ng EPA ang makikitang mga asbesto at iinspeksiyunin ang mga may presyon na silindro ng gasolina (gaya ng mga tangke ng propane).

- Pagkatapos ng isang sunog, ang mga produktong ito ay nangangailangan ng espesyal na paghawak, lalo na kung ang kanilang mga sisidlan ay nasira.
- Ang mga pangkat sa larangan ng EPA ay tatanggalin din ang mga bagay na naisip na may asbesto kung sila ay madaling matukoy, ngunit ang pag-aari ay hindi ganap na malilinis hanggang **2 Yugto** (pag-alis ng naiwang basura).



Mga halimbawa ng mapanganib na mga materyal na aalisin.



Mga sisidlan na walang laman na nainspeksiyon ng EPA ay mamarkahan ng putting X, ginawang ligtas, at iniwan para alisin sa panahon ng 2 Yugto.

Madalas Itanong na mga Katanungan

Paano maaalis ng EPA ang mapanganib na mga materyal mula sa aking ari-arian?

1. Isang pangkat na pamumunuan ng EPA ang magsisiyasat sa inyong ari-arian para sa mga kondisyon ng trabaho.
2. Ang ikalawang pangkat na pamumunuan ng EPA ang siyang mag-aalis ng mapanganib na mga materyal.
3. Kapag nakumpleto na, maglalagay ng karatula ang EPA sa inyong ari-arian (*gaya ng karatula na nasa kanan*).

Kapag hindi ligtas para sa mga pangkat ng EPA na pumasok sa inyong ari-arian, ang pag-alis ng mapanganib na materyal ay isasagawa sa panahon ng 2 Yugto (pag-alis ng naiwang basura).

This property's Hazardous Materials removal is

 **COMPLETE**

✓ Ash remains a health hazard
✓ Read local health advisories before entering burned areas

Contact with us questions:

1-833-R9-USEPA
(1-833-798-7372)

epa.gov/california-wildfires



EPALAWildfiresInfo@epa.gov

Aalisin lamang ng EPA ang mapanganib na mga materyal.


- Kung may mga baril (na mukhang gumagana) o pinaghihinalang labi ay makita, titigil sa pagtrabaho ang EPA at kokontakin ang lokal na nagpapatupad ng batas para sa paghawak.

Bakit inaalís ang mapanganib na mga materyal?

- Ang mapanganib na mga materyal ay nakakasama sa kapaligiran at mga residente. Ang mga materyal na ito ay kailangan na ligtas na maialis at maitapon bago makapagsimula ang 2 Yugto.

Kailangan ko bang magbigay ng pahintulot sa EPA para makapasok sa aking ari-arian?

- Hindi. Ang Estado ng California ang nagkaloob sa EPA ng awtoridad noong Enero 15, 2025 para puntahan ang mga pag-aari nang walang pahintulot mula sa may-ari ng ari-arian.



epa.gov/california-wildfires

Para sa mga katanungan tungkol sa 1 Yugto ng EPA sa pag-alis ng Mapanganib na mga Materyal na trabaho, kontakin ang aming hotline o mag-email sa amin sa:

1-833-R9-USEPA
(1-833-798-7372)

EPALAWildfiresInfo@epa.gov